

# LISTAHANG PANGKALIGTASAN SA SUNOG SA TAHANAN

Fact Sheet 10 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

## KATOTOHANAN

Noong nakaraang taon 189 na mga tahanan ang malubhang nasira sa mga sunog kung saan ang pinagmulan nito ay mga fireplace, pampainit at sistema ng pampainit ng tubig, 974 na sunog sa sambahayan ay nagmula sa mga kalan, oven, deep fryer at iba pang mga kagamitan sa pagluluto at 592 mga sunog ay dahilan sa di paggana ng mga pangmakinang kagamitan katulad ng mga short circuit at sirang mga plug.

(Wastong estadistika sa petsang 17/04/03)

## KAYO BA AY LIGTAS SA SUNOG SA TAHANAN?

Inirerekomenda ng Mga Brigada Ng Bumbero Sa NSW ang simpleng listahang pangkaligtasang ito upang makatulong na mapanatiling ligtas ang inyong tahanan sa sunog.

- Ang pagkakabit ng isang sapat na bilang ng angkop na mga alarma para sa usok at pagsusuri nang palagian ng mga ito ang unang hakbang sa inyong planong pangkaligtasan sa tahanan.
- Ang pagkakaroon ng isang nakasulat na plano ng pagtakas kung sakaling magkasunog at pagsasanay nito nang palagian ang pangalawang hakbang.
- Tiyakin na ang mga susi sa lahat ng nakakandadong mga pintuan ay madaling makuha kung sakaling kailangan ninyong tumakas.
- Huwag kailanman iiwanan ang pagluluto o anumang nakasinding apoy kabilang ang mga kandila o oil burner nang walang nakabantay.
- Linisin ang lint filter ng inyong patuyuan ng mga damit sa baw't paggamit nito
- Huwag kailanman manigarilyo sa kama at lalo pang mag-ingat kung umiinom ng alak habang naninigarilyo.
- Sa taglamig lalong maging maingat kapag gumagamit ng mga pampainit, de-kuryenteng blanket o mga bukas na apoy.
- Huwag sobrahan ang gamit ng mga saksakan ng kuryente at patayin ang mga suwits ng mga kagamitang de-kuryente kapag hindi ginagamit.
- Palaging ilayo ang mga pansindi ng sigarilyo at mga posporo sa mga bata at turuan sila na ang mga ito ay “kagamitan at hindi laruan” na gagamitin lamang ng mga matatandang may pananagutan.
- Kung kayo ay may garahe o bodega tandaan na magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa anumang itinabing mga kemikal at laging maglagay ng gasolina sa mga mower, edger atbp kapag malamig ang mga ito at nasa labas.
- Kung kayo ay may BBQ na ginagamitan ng gas, kuryente o kahoy, palaging suriin kung ito ay ligtas na gamitin bago sindihan at na ito ay nasa pangangalaga ng isang may pananagutang matanda kapag ginagamit. (Basahin ang Fact Sheet No.16 Pangkalahatang Kaligtasang Pang-Barbeque)
- Kung ikaw ay nakatira sa lugar na magubat na madaling magkaroon ng sunog panatilihing malinis sa mga dahon at iba pang kalat ang paligid ng inyong tahanan at tandaang linisin nang palagian ang inyong mga alulod.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG**

o bisitahin ang website na: [www.fire.nsw.gov.au](http://www.fire.nsw.gov.au) [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au) o [www.esa.act.gov.au](http://www.esa.act.gov.au)

## MGA PAYONG PANGKALIGTASAN SA SUNOG

- Tandaan na ang usok mula sa isang sunog ay makakalito sa inyo at na hindi kayo makakakita sa usok
- Kapag natutulog hindi ninyo maaamoy ang usok at sa katunayan gagawin nitong mas mahimbing ang inyong tulog
- Kung kayo ay nakatakas mula sa isang sunog sa tahanan, tandaan na kapag kayo ay nakalabas manatiling nasa labas at tumawag sa 000
- Ang mga pampainit na unit na ginagamitan ng langis, gas o kahoy ay maaaring mangailangan ng taunang pagsusuri para sa pagmamantina
- Gumamit lamang ng mga rekomendadong klase ng piyus at magkabit ng pangkaligtasang suwits ng kuryente
- Ang kaligtasan sa sunog sa tahanan ay mahalaga para sa buong pamilya at maiiwasan ng paghahanda ang malaking sakuna.

**SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000**